

Buod ng Patakaran sa Pagsulong ng Multiculturalism sa Hiroshima City (Binagong Edisyon)

1) Layunin ng rebisyon

Noong 2006, binuo ng Lungsod ng Hiroshima ang Patakaran sa Pagsulong ng Multiculturalism sa Hiroshima City (tinatawag dito na “patakaran”) at mula noon ay sinikap na gawing nasa maraming wika ang impormasyon para sa pang-araw-araw na buhay, ini-upgrade at pinalawak ang mga sistema ng pagkonsulta sa maraming wika, pati na ang pagpapahusay ng edukasyon sa wikang Hapon, upang maisakatuparan ang isang lipunan na binubuo ng maraming kultura.

Mayroong humigit-kumulang 2.12 milyong dayuhang residente sa Japan sa pagtatapos ng 2014 noong una naming binago ang ating patakaran. Bukod sa pansamantalang pagbaba ng mga bilang noong panahon ng pandemya ng COVID-19, patuloy nang tumaas ang mga bilang, na umabot sa mahigit 3.58 milyong dayuhang residente sa pagtatapos ng Hunyo 2024, ang pinakamataas na bilang na naitala kailanman. Naaangkop din ang trend na ito sa Hiroshima City: ang mga dayuhang residente ay may bilang na 15,651 noong pagtatapos ng Marso 2014 noong binago namin ang aming patakaran, at, sa pagtatapos ng Marso 2025, may bilang na sila na 23,297 o 2.0% ng populasyon ng lungsod, ang pinakamataas na bilang na naitala. Bilang karagdagan, malaki rin ang pinagbago ng ratio ng mga nasyonalidad at status ng pananahan.

Sa loob ng sampung taon na ito, ang Japan ay naging isang lipunan na minarkahan ng malubhang pagbaba ng populasyon dahil sa pagbaba ng bilang ng ipinapanganak at pagtaas ng populasyon ng matatanda. Maging sa Hiroshima City, unti-unting bumababa ang populasyon mula nang rumurok ito noong 2018. Dahil dito, sa paglalayong mapanatili ang masiglang rehiyonal na lipunan sa hinaharap at maisakatuparan ang isang Hiroshima na maipagmamalaki nating ipakita sa mundo, malaki ang inaasahan ng Lungsod ng Hiroshima sa mga internasyonal na residente¹ bilang mahahalagang katuwang na tutulong na muling pasiglahin ang lokal na lipunan, ekonomiya, at komunidad.

Dahil sa nabanggit, dapat tayong lumikha ng kaligiran na ginagawang madali para sa mga internasyonal na residente, anupaman ang kanilang nasyonalidad, na mamuhay nang ligtas at komportable kasama ng mga taong nasa komunidad.

Dagdag pa rito, nilalayon ng ating lungsod na maging isang International Peace Culture City. Dahil dito, habang tinitiyak na iginagalang ng lahat na mamamayan ang mga karapatang pantao at pagkakaiba-iba ng isa't isa, kabilang ang mga kultural na pinagmulan, etnisidad, at nasyonalidad, dapat tayong gumawa ng tuloy-tuloy na pag-unlad sa paglikha ng isang lungsod na kumukupkop ng mga mamamayan na mahusay sa pangkalahatan at kung saan masigla ang kultura—kung saan isinabubuhay ng lahat na mamamayan ang halaga ng kapayapaan. Dapat din tayong sumulong sa pagsasakatuparan ng isang inklusibong lokal na komunidad kung saan suportado ng mga mamamayan ang isa't isa at gumaganap ng mga tungkulin batay sa kanilang mga pagpapahalaga at pamumuhay.

Higit pa rito, ayon sa Hiroshima City Multiculturalism Survey na isinagawa noong 2022, kasabay ng pagdami ng mga dayuhang residente at pagkakaroon ng maraming kultura, dumarami rin ang pangangailangan para sa pinahusay na mga hakbang sa suporta. Halintulad dito, sa Japan, aalisin ang Technical Intern Training Program sa 2027 batay sa isang rebisyon sa Immigration Control and Refugee Recognition Act noong Hunyo 2024.

Nilalayon ng Training Employment System, na lilikhain bilang kapalit ng programa, na kupkopin ang mga yamang-tao sa pamamagitan ng pagpapatrabaho, gayundin ang pagpapanatili ng mga yamang-tao. Dapat na makatutugon nang tumpak ang Lungsod ng Hiroshima sa mga pagbabagong ito na kasama ng mga pagbabago sa mga patakaran sa imigrasyon ng pambansang pamahalaan.

Bilang pagsasaalang-alang sa mga puntong ito, binabago ng Lungsod ng Hiroshima ang patakarang ito. Bilang isang munisipalidad na direktang may kinalaman sa buhay ng mga mamamayan, pagkatapos ng rebisyon, magsasabatas ang Lungsod ng Hiroshima ng mga inisyatibo sa sama-samang pananahan ng maraming kultura alinsunod sa mga pagbabago sa mga sitwasyon na nakapalibot sa mga internasyonal na residente habang nakikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon at isinasaalang-alang ang pamamahagi ng mga tungkulin sa pagitan ng ating lungsod, ng Hiroshima Prefecture, at ng pambansang pamahalaan pagdating sa imigrasyon.

¹ Mga residenteng internasyonal

Bilang karagdagan sa mga dayuhang naninirahan sa Hiroshima City, inilalarawan ng patakarang ito ang “international residents” bilang lahat ng naging naturalisadong mamamayang Hapones, silang mga may kultural na background ng isang magulang na may pinagmulang banyaga, at ang mga may dayuhang pinagmulan sa iba't ibang dahilan.

Kapag tinutukoy ang mga dayuhang mamamayan na may mga address sa Hiroshima City, ang terminong “foreign residents” ay gagamitin. Tandaan na walang mga pagbabagong gagawin sa terminolohiya para sa mga proyekto at programa na kasalukuyang isinasagawa.

2) Multiculturalism sa pagplano ng lungsod: ang aming mga mithiin

1) Isulong ang mga inisyatiba sa pagpapalano ng lungsod na may kamalayan sa mga residenteng internasyonal

Upang makatulong na gawing mas magaan ang buhay para sa mga internasyonal na residente, sisikapin ng Lungsod ng Hiroshima na suportahan ang mga hakbang sa komunikasyon tulad ng pagsasalin sa maraming wika ng impormasyon na para sa pang-araw-araw na buhay. Bilang karagdagan, isusulong ng lungsod ang mga hakbangin sa pagpapalano ng lungsod na naglalayong pahusayin ang pagpapatupad ng patakaran upang suportahan ang mga residente sa kani-kanilang pang-araw-araw na buhay, kabilang ang paghahanda sa sakuna, edukasyon, at trabaho, upang ang lahat, kabilang ang mga internasyonal na residente, ay mamuhay nang ligtas at komportable.

2) Pagyamanin ang kamalayan sa maraming kultura

Habang nagbibigay ng suporta para sa mga internasyonal na residente ma magkaroon ng pag-unawa sa lokal na kultura at mga kaugalian, sisikapin ng Lungsod ng Hiroshima na linangin ang mas mahusay na pag-unawa sa halaga kabuluhan ng pagbuo ng isang komunidad nang sama-sama kung saan ang lahat ng mamamayan, kabilang ang mga internasyonal na residente, ay iginagalang ang isa't isa at ang kanilang mga karapatang pantao sa pamamagitan ng paglinang ng kamalayan sa pangangailangan na magkaroon ng pagkakaunawaan patungo sa marami at iba't ibang kultura, pati na rin ang pagtataguyod ng mga pagkakataon sa pakikisalamuha para sa mga mamamayan.

3) Pamamahala ng progreso ng patakaran

- Habang nagsasagawa kami ng multiculturalism survey nang minsan sa bawat sampung taon (nakaplano ang susunod na survey para sa FY2032), ang patakarang ito ay susuriin sa FY2033 batay sa mga resulta ng survey na iyon.
- Isang midterm review ang isasagawa sa FY2029, dahil ito ang panggitnang taon sa pagitan ng pagbuo at pagrepaso sa patakarang ito, gayundin kung kailan inaasahang magsisimula ang trabaho sa pagbuo ng Seventh Hiroshima City Basic Plan.

FY	2025		2029		2032	2033
Gawain	Tapos na ang rebisyon		Midterm review		Magsagawa ng survey	Pagrepaso sa patakaran

Termino ng Hiroshima City Basic Plan (hanggang 2030)

Idinaos ang midterm review kasabay ng pagbuo ng susunod na Basic Plan

4) Mga pagbabago sa data ng dayuhang residente

Paghahambing sa data ng estadistika mula sa naunang pagbabago ng patakaran sa pagtatapos ng Marso 2014 sa data sa pagtatapos ng Marso 2025

- Bilang ng mga dayuhang residente**
- Tumaas ang bilang ng mga dayuhang residente mula 15,651 at naging 23,297 (humigit-kumulang 50% na pagtaas)
 - Tumaas ang porsiyento sa kabuuang populasyon mula 1.32% at naging 1.99%
- Mga numero batay sa nasyonalidad**
- Vietnamese: 8.8 beses na pagtaas (508→4,469)
 - Indonesian: 14.5 beses na pagtaas (103→1,495)
 - Nepalese: 13.6 beses na pagtaas (69→939)
 - South/North Korean: 24.4% na pagbaba (5,976→4,520)
 - Bumaba ang porsiyento ng mga Chinese at South/North Korean sa dayuhang residenteng populasyon mula 71.4% at naging 41.3%


- Mga bilang ayon sa status ng pananahan**
- Technical intern training: 3.1 beses na pagtaas (1,371→4,193)
 - Engineer/espesyalista sa humanities/internasyonal na serbisyo¹: 2.6 beses na pagtaas (522→1,368)
 - Dependent: 2.1 beses na pagtaas (642→1,335)
 - Permanent resident: 1.4 beses na pagtaas (4,614→6,308)
 - Special permanent resident: 28.3% na pagbaba (5,345→3,832)
 - Skilled labor: 43.7 beses na pagtaas² (43→1,880)
 - Ang porsiyento na hawak ng nangungunang tatlong katayuan ng residente (special permanent resident, permanent resident, technical intern training) ay bumaba mula 72.4% at naging 61.5%
- ¹ Ang kabuuang bilang ay kumbinasyon ng bilang ng may status na engineer and specialist in humanities/international services mula 2014.
- ² Dahil ginawa ang status na skilled labor noong 2019, ang paghahambing ay mula sa mga numero sa katapusan ng Marso 2020 hanggang sa pagtatapos ng Marso 2024.

Paghahambing ng mga resulta mula sa 2015 National Census sa 2020 National Census

Mga Bata at Matatanda


- Ang mga bata (0-14) na may mga dayuhang nasyonalidad ay tumaas ng 19.9% (1,246→1,494)
- Ang mga matatanda (60 pataas) na may mga dayuhang nasyonalidad ay tumaas ng 4.8% (2,647→2,774)

Mga estadistika sa isang sulyap




Pinagkunan: Data mula sa Hiroshima City Basic Resident Register (pagtatapos ng Marso bawat taon)

■ Mga pagbabago sa populasyon ayon sa nasyonalidad (top 7)



Pinagkunan: Data mula sa Hiroshima City Basic Resident Register (pagtatapos ng Marso bawat taon)

■ Mga pagbabago sa populasyon ayon sa status ng pananahan (top 7)



Pinagkunan: Data mula sa Hiroshima City Basic Resident Register (pagtatapos ng Marso bawat taon)

Mga resulta ng Multiculturalism Survey

- (1) **Tungkol sa mga internasyonal na residente**
- Paghahambing sa mga resulta ng FY2012 City of Hiroshima Survey sa Reality of Life and Thoughts of Foreign Residents at FY2022 Hiroshima City Multiculturalism Survey

Planong patuloy na manirahan sa Japan

- Ang mga sumagot ng “I plan to live in Japan indefinitely” ay bumaba mula 74.4% at naging 57.2%
- Ang mga sumagot ng “I will mainly live in Japan, but will travel between Japan and my home country” ay tumaas mula 11.4% at naging 19.9%, at “I don’t know yet” ay tumaas mula 4.7% at naging 11.7%

Kakayahan sa wikang Hapon

- Tungkol sa kakayahan sa wika na maihahambing sa mga katutubong nagsasalita ng wikang Hapon, ang pagsasalita/pakikinig ay bumaba mula 50.4% at naging 32.9%, ang pagbabasa ay bumaba mula 53.0% at naging 35.3%, at ang pagsusulat ay bumaba mula 56.1% at naging 38.1%.
- Ang kakayahan sa wikang Hapon ay maihahambing sa isang katutubong nagsasalita ng Hapon

	2012 (A)	2022 (B)	Kaibahan (B-A)
Nagsasalita/nakikinig	50.4%	32.9%	-17.5
Nagbabasa	53.0%	35.3%	-17.7
Nagsusulat	56.1%	38.1%	-18.0

Pinagkunan: Ulat sa Mga Resulta ng Multiculturalism Survey (Marso 2023)

Tulong at impormasyon para sa pang-araw-araw na buhay

- Nang humihingi ng tulong, bumaba ang mga sumagot ng “Family/relatives living in Japan” mula 70.0% at naging 54.8%.
- Kung saan pupunta para sa tulong at impormasyon para sa pang-araw-araw na buhay

	2012 (A)	2022 (B)	Kaibahan (B-A)
Pamilya/kamag-anak na nakatira sa Japan	70.0%	54.8%	-15.2
Mga kaibigan at kakilala na nakatira sa Japan na mula sa aking bansa	45.2%	45.2%	0.0
Mga kaibigan at kakilala na Hapones	47.2%	35.0%	-12.2
Munisipyo/prefectural serbisyong konsultasyon	11.8%	13.5%	1.7

Pinagkunan: Ulat sa Mga Resulta ng Multiculturalism Survey (Marso 2023)

- (2) **Paghahambing ng mga antas ng kamalayan sa mga residenteng Hapones at mga internasyonal na residente (mula sa mga resulta ng 2022 survey)**

- Bilang tugon sa tanong na, “Is there anything you feel is difficult about interacting with Japanese nationals/ international residents?”, ang pinakamataas na porsiyento ng parehong mga internasyonal na residente, at ang mga residenteng Hapones ay sumagot ng, “The language barrier.” Ang pangalawang pinakamataas na porsiyento ng mga sagot mula sa mga internasyonal na residente ay “Differences in customs/culture,” habang para sa mga residente ng Hapon, ito ay “There aren’t many chances to interact.”
- Bilang tugon sa tanong kung ang mga Japanese national at international na residente ay dapat na aktibong makisali sa pagpapalitan, mahigit 60% ng parehong mga internasyonal na residente at mga residente ng Hapon ay sumagot ng “Yes.”

Ano ang aming inaasahan sa malapit na hinaharap

- Pagtaas ng mga internasyonal na residente at pagkakaiba-iba ng mga nasyonalidad
- Patuloy na pagdami ng mga permanenteng residente
- Pagkakaiba-iba ng suporta na kailangan ng mga internasyonal na residente
- Tumaas na pangangailangan para sa pagbuo ng mga relasyon sa pagitan ng lokal na komunidad at internasyonal na mga residente
- Dagdag na pagtaas ng bilang ng mga dayuhang manggagawa
- Pagtanda ng mga internasyonal na residente
- Pagdami ng mga batang may banyagang pinagmulan

5) Mga Problema 1) Pagpapahusay sa komunikasyon • Ang mga internasyonal na residente na naninirahan sa Hiroshima ay dumarami at mula sa mas magkakaibang nasyonalidad, kaya tumaaas ang pangangailangan para sa pagbibigay ng impormasyon na nasa maraming wika at pinasimpleng Japanese. • Ang bilang ng mga internasyonal na residente na nangangailangan ng edukasyon sa wikang Hapon ay tumataas, kaya ang Lungsod ng Hiroshima ay dapat magpatuloy sa mga proyektong nauugnay sa edukasyon sa wikang Hapon kung kinakailangan. 2) Paglikha ng isang kaligiran kung saan ang mga internasyonal na residente ay maaaring mamuhay nang komportable at makilahok sa lipunan (1) Suporta batay sa pamumuhay ng mga internasyonal na residente • Ang mga internasyonal na residente sa Hiroshima ay binubuo ng malawak na hanay ng edad at mga sitwasyon sa pamumuhay, tulad ng mga single na manggagawa, mga pamilyang may maliliit na bata, mga kabataang naghahanap ng mas mataas na edukasyon o trabaho, mga matatandang nangangailangan ng pangangalaga, at higit pa. Habang dumarami ang bilang ng mga residenteng ito, ang Lungsod ng Hiroshima ay dapat magbigay ng suporta para sa bawat isa sa kanila batay sa kanilang sitwasyon sa pamumuhay at gawing mas madali para sa kanila na mamuhay nang kasama ng mga tao sa komunidad habang pinapanatili ang kanilang sariling paraan ng pamumuhay at kultura. • Ang mga internasyonal na residente na walang pamilya o mga kaibigan sa Japan na maaari nilang konsultahin tungkol sa kanilang buhay dito ay kadalasang nakakaramdam ng paghihiwalay. Upang maiwasan ito, dapat ipagpatuloy ng lungsod ang pagsasapubliko ng mga serbisyo sa konsultasyon ng munisipyo at tiyakin ang kanilang kaginhawahan, gayundin ang higit pang palakasin ang kanilang tungkulin. • Habang inaasahan namin ang karagdagang pagdami ng mga internasyonal na residente na bumibisita sa mga tanggapan at ward ng lungsod, dapat na lumikha ang lungsod ng balangkas na magbibigay-daan sa mga tanggapang ito na makapagbigay ng naaangkop na suporta. (2) Nagsusulongng aktibong pakikilahok sa lipunan • Marami sa mga internasyonal na mag-aaral na nag-aral sa Hiroshima City ay may posibilidad na lumipat sa mas malalaking lungsod tulad ng Tokyo o Osaka, samakatuwid, ang kahalagahan ng paglikha ng isang kaligiran kung saan nanaisin ng mga mag-aaral na ito na manirahan sa Hiroshima pagkaraang magtapos. • Napagdesisyunan na aalisin na ang Technical Intern Training Program, at ang bagong Training Employment System ay ipakikilala. Dahil dito, dapat isulong ng lungsod ang maitatag at kupkupin ang mga yamang-tao sa munisipal na level katulong ng mga kaugnay na organisasyon habang nakaantabay sa pambansang patakaran. • Sa pamamagitan ng pagtipon sa mga opinyon ng mga internasyonal na residente sa mga patakaran ng lungsod, magagawa nating magpatupad ng mga patakarang akma sa kani-kanilang mga pangangailangan. • Dapat tayong lumikha ng isang kaligiran kung saan ang mga internasyonal na residente ay maaaring maging aktibong kalahok sa lokal na komunidad upang bigyang-daan ang mga residenteng ito na maging mahalagang tauhan sa kani-kanilang mga komunidad. • Upang lumikha ng isang kaligiran kung saan ang mga internasyonal na residente ay maaaring maging maagap, dapat din nating baguhin ang pag-iisip ng mga lokal na komunidad at isulong ang pag-unawa sa kanilang bahagi. 3) Isulong ang pakikisalamuha at pag-unawa sa isa't isa • Para isulong ang pagkakaunawaan ng isa't-isa sa pagitan ng mga internasyonal na residente at lokal na komunidad, ito ay mahalaga upang madagdagan ang mga pagkakataon para sa pakikisalamuha. • Upang maalis din ang diskriminasyon at pagtatangi sa mga dayuhan at silang mga banyaga ang pinagmulan, dapat nating ipagpatuloy ang pagsulong ng kabatiran sa maraming kultura.	6) Sistema ng patakaran Mithiin 1: Isulong ang mga inisyatiba sa pagpapalano ng lungsod na may kamalayan sa mga residenteng internasyonal Pangunahing patakaran 1: Pagpapadali ng komunikasyon Patakaran 1: Pagsalin sa maraming wika ng impormasyon sa serbisyo ng pamahalaang lungsod at impormasyon para sa paninirahan sa Hiroshima • Magbigay ng impormasyong kinakailangan para sa pamumuhay sa Hiroshima na nasa maraming wika • Magbigay ng impormasyon ng serbisyo ng pamahalaang lungsod sa pamamagitan ng internet at mga app • Magbigay ng mga pagkakataong matuto tungkol sa mga kaugalian ng lipunang Hapon Patakaran 2: Pagsusulong ng edukasyon sa wikang Hapon at pinasimpleng Hapones • Pahusayin ang mga pagkakataon para sa edukasyon ng wikang Hapon batay sa antas ng Hapon ng mga mag-aaral • Tiyakin at itaguyod ang mga yamang-tao na sumusuporta sa edukasyon sa wikang Hapon, tulad ng mga guro ng wikang Hapon at mga sumusuporta sa pag-aaral ng wikang Hapon • Isulong ang paggamit sa pinasimpleng Japanese • Bumuo ng isang kooperatiba na balangkas na nag-uugnay sa mga negosyo at edukasyon sa wikang Hapon pagkatapos masuri ang aktwal na pangangailangan sa edukasyon sa wikang Hapon ng mga dayuhang manggagawa, gayundin ang kanilang istilo ng trabaho • Itaas ang kamalayan sa mga negosyo tungkol sa kahalagahan ng edukasyon sa wikang Hapon para sa mga dayuhang manggagawa at isulong ang paggamit sa pinasimpleng Japanese Pangunahing patakaran 2: Pahusayin ang mga sistema ng suporta para sa paninirahan sa Japan Patakaran 1: Mga serbisyo sa pagpapatakbo ng konsultasyon para sa mga dayuhan • Higit pang isapubliko ang mga serbisyo sa konsultasyon para sa mga dayuhan sa mga internasyonal na residente • Tumpak na maunawaan ang konteksto ng konsultasyon at ang mga pangangailangan ng kumokonsulta, at mapagkakatiwalaang ikonekta ang mga ito sa kinakailangang suporta (pamahalaang munisipyo, mga NPO, atbp.) Patakaran 2: Pagbibigay ng mga serbisyang medikal, kalusugan, at pangkapakanan • Magbigay ng impormasyon na nasa maraming wika sa pambansang health insurance, insurance sa pangmatagalang pangangalaga, atbp.; talakayin at ipatupad ang suporta para sa mga serbisyang ito Patakaran 3: Tiyakin ang mga pagkakataon para sa edukasyon at suportahan ang mga bata at ang mga nagpapalaki ng mga bata • Bumuo ng mga balangkas ng suporta na kinakailangan para sa mga batang may banyagang pinagmulan at kanilang mga tagapag-alaga • Ganap na unawain ang mga bagay tulad ng pag-aaral, buhay-bahay, wika sa pinagmulan, at higit pa • Magbigay ng impormasyon na nasa maraming wika tungkol sa pag-aaral sa mga tagapag-alaga • Lumikha ng isang network ng mga tagasuporta • Suporta para sa pag-aaral ng wikang Hapon sa mga paaralan; kupkupin at tiyakin ang mga yamang-tao para suportahan ang pag-aaral ng wikang Hapon • Kapag pumipili ng mga kandidato para sa pagpapatala sa mataas na paaralan, magsagawa ng mga espesyal na seleksyon para sa mga bumalik na estudyante at mga dayuhang estudyante • Itaas ang kamalayan sa kahalagahan ng pagpapaunlad ng kakayahan sa unang wika na naaangkop sa edad • Magbigay ng impormasyon na nasa maraming wika sa mga serbisyo ng suporta para sa mga bata at sa mga nagpapalaki ng mga bata; isulong ang suporta sa maraming wika kapag nagbibigay ng mga serbisyang ito Patakaran 4: Suporta para sa pag-secure ng pabahay • Suporta sa pabahay para sa mga internasyonal na residente ng Hiroshima City Housing Support Council • Magbigay ng impormasyon na nasa maraming wika tungkol sa mga negosyo at organisasyon na tumutulong sa mga internasyonal na residente na makahanap ng pabahay, gayundin ang tungkol sa etika at panuntunan sa pabahay (atbp.) Patakaran 5: Suporta sa mga oras ng emergency (mga natural na sakuna, atbp.) • Magbigay ng suporta sa panahon ng mga natural na kalamidad tulad ng pagtatatag ng Natural Disaster Multilingual Support Center at pagpapatakbo ng isang volunteer system para sa mga interpreter sa panahon ng mga natural na kalamidad • Suporta para sa pagsasagawa ng mga paghahanda sa pagsasanay sa mga komunidad na kinabibilangan ng mga internasyonal na residente • Isapubliko ang kaalaman sa paghahanda sa sakuna at kung paano makakuha ng impormasyon sa mga internasyonal na residente • Magbigay ng impormasyon ng serbisyo ng pamahalaang lungsod sa pamamagitan ng internet at mga app (una nang nabanggit)	Pangunahing patakaran 3: Pagpapalano ng lungsod para sa aktibong pakikilahok sa lipunan ng mga internasyonal na residente Patakaran 1: Tiyakin ang naaangkop na kapaligiran sa trabaho • Mga inisyatiba para sa paglalagay ng mga dayuhang manggagawa sa pakikipagtulungan sa mga organisasyon sa paglalagay ng mga dayuhang manggagawa • Bumuo ng isang network ng mga organisasyong kasangkot sa paglalagay ng mga dayuhang manggagawa at itaas ang kamalayan upang lumikha ng isang magandang kapaligiran sa lugar ng trabaho para sa mga dayuhang manggagawa • Makipagtulungan sa Immigration Services Agency ng Japan at Labor Bureau para magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga problema sa paglalagay ng dayuhang manggagawa at pag-secure ng naaangkop na kapaligiran sa lugar ng trabaho • Bumuo ng isang kooperatiba na balangkas na nag-uugnay sa mga negosyo at edukasyon sa wikang Hapon pagkatapos masuri ang aktwal na pangangailangan sa edukasyon sa wikang Hapon ng mga dayuhang manggagawa, pati na rin ang kanilang istilo ng trabaho (una nang nabanggit) • Itaas ang kamalayan sa mga negosyo tungkol sa kahalagahan ng edukasyon sa wikang Hapon para sa mga dayuhang manggagawa at isulong ang paggamit ng pinasimpleng Japanese (una nang nabanggit) • Upang hikayatin ang mga internasyonal na mag-aaral na manirahan sa Hiroshima City, dapat nating tumpak na maunawaan at ayusin ang mga problema at impormasyon mula sa mga kaugnay na partido at ipakita ang mga ito sa ating mga patakaran Patakaran 2: Isulong ang pakikilahok sa lipunan • Lumikha ng mga pagkakataon upang isama ang mga opinyon ng mga internasyonal na residente sa pamahalaan ng lungsod sa pamamagitan ng pagpaparehistro sa kanila bilang mga miyembro ng konseho ng lungsod (atbp.) • Isulong ang pakikilahok ng mga internasyonal na residente sa lipunan sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga lokal at mga organisasyon ng mamamayan tulad ng Social Welfare Council at Hiroshima LMO • Isulong ang pag-unawa sa mga dayuhang kultura (atbp.) sa mga lokal na komunidad Mithiin 2: Pagyamanin ang kamalayan sa maraming kultura Pangunahing patakaran 1: Lumikha ng mga pagkakataon para sa pakikisalamuha at itaguyod ang pag-unawa sa isa't isa • Lumikha ng mga pagkakataon para sa pakikisalamuha sa pagitan ng mga internasyonal na residente at ng lokal na komunidad sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga kaganapan kung saan ipinakilala ng mga internasyonal na residente ang kanilang kultura o ang mga residenteng Hapones ay nagpapakilala ng kultura ng Hapon. • Lumikha ng mga pagkakataon para sa pakikisalamuha sa pagitan ng mga tumatanggap ng Hiroshima Scholarship, mga residente sa Hiroshima International House, at ng lokal na komunidad upang itaguyod ang pagkakaunawaan sa isa't isa • Isulong ang pakikilahok ng mga internasyonal na residente sa lipunan sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga lokal at mga organisasyon ng mamamayan tulad ng Social Welfare Council at Hiroshima LMO (nabanggit dati) Pangunahing patakaran 2: Isulong ang pag-unawa sa maraming kultura • Itaas ang kamalayan tungkol sa mga karapatang pantao ng mga dayuhan at yaong may mga dayuhang pinagmulan sa pamamagitan ng mga paraan tulad ng mga kaganapan sa komunidad at mga seminar, at edukasyon sa paaralan; magbigay ng mga pagkakataon upang malaman ang tungkol sa mga kultura at kaugalian ng mga internasyonal na residente • Gamitin ang munisipal na PR upang itaguyod ang pag-unawa para sa mga hakbang sa pagpapalano ng lungsod na may maraming kultura Bumuo ng balangkas ng promosyon para sa mga patakarang multikultural Sa pagdami at pagkakaiba-iba ng mga internasyonal na residente, dapat nating palakasin ang balangkas ng ating lungsod upang bumuo ng isang kapaligirang may kakayahang maisakatuparan ang isang lipunan na may maraming kultura at itaguyod ang pakikipagtulungan sa lokal na komunidad, mga negosyo, at mga kaugnay na organisasyon. (1) Pagbuo ng balangkas ng promosyon sa loob ng City Hall • Magtipon, magbigay, at magbahagi ng impormasyon sa Hiroshima City Meeting of Directors for Multiculturalism patungkol sa mga inisyatibong multiculturalism • Isulong ang kamalayanng multiculturalism sa mga empleyado ng lungsod sa pamamagitan ng mga seminar; magbahagi ng kaalaman tungkol sa pagsuporta sa mga internasyonal na residente (2) Makipagtulungan at makipagtulungan sa magkakaibang mga kasosyo • Magbigay ng mga seminar at kaalaman tungkol sa multiculturalism sa mga lokal at mamamayang organisasyon tulad ng Social Welfare Council at Hiroshima LMO • Sa City Diversity & Inclusion Division ng Hiroshima Peace Culture Foundation bilang pangunahing tagapagtaguyod ng multiculturalism, makipagtulungan at makiisa sa mga lokal at mamamayang organisasyon tulad ng Social Welfare Council at Hiroshima LMO • Magtipon at magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga boluntaryong organisasyon at mga NPO na sumusuporta sa mga internasyonal na residente; lumikha ng isang kaligiran kung saan mas madaling magtrabaho ang mga organisasyong ito (3) Bumuo ng isang punong-tanggapan para sa pagtataguyod ng multiculturalism • Isaalang-alang ang pagtatatag ng isang punong-tanggapan sa downtown Hiroshima upang mapahusay ang aming mga kakayahan sa pagsulong ng multiculturalism
--	---	--